

# Ano ang Aasahan Pagkatapos Makuha ang Bakuna sa COVID-19

Ang pagpapabakuna sa COVID-19 ay makakatulong na protektahan ka mula sa sakit na galing sa COVID-19.

## Karaniwang mga epekto

Maaari kang magkaroon ng ilang mga epekto, na kung saan ay karaniwan na palatandaan na ang iyong katawan ay gumagawa ng proteksyon. Ang maaaring mga epekto ay ang sumusunod:

Sa braso kung saan nagpaturok:

- Sakit
- Pamamaga

Sa ibang bahagi ng iyong katawan:

- Lagnat
- Panginginig
- Pagod
- Sakit ng ulo

## Nakakatulong na mga payo

Kung mayroon kang sakit o kakulangan sa ginhawa, kausapin ang iyong doktor tungkol sa pagkuha ng gamot na hindi kailangan ng reseta, tulad ng ibuprofen o acetaminophen.

Upang mabawasan ang sakit at kakulangan sa ginhawa kung saan nagpaturok:

- Maglagay ng malinis, malamig-lamig, basang basahan sa lugar.
- Gamitin o mag-ehersisyo ng iyong braso.

Upang mabawasan ang kakulangan sa ginhawa mula sa lagnat:

- Uminom ng maraming likido.
- Magsuot ng magaan na damit.

## Kailan tatawagin ang doktor

Sa karamihan na mga kaso, karaniwan ang kakulangan sa ginhawa mula sa lagnat o sakit. Makipag-ugnay sa iyong doktor o tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan:

- Kung ang pamumula o papanakit kung saan nagpaturok ay lumalala pagkalipas ng 24 oras
- Kung ang mga epekto ay nagbibigay sayo ng pag-aalala o hindi nawawala pagkalipas ng ilang araw

## Tandaan

- Ang mga epekto ay maaaring parang trangkaso ang pakiramdam o makaapekto sa iyong kakayahan na gawin ang mga pang-araw araw na aktibidad, ngunit dapat silang mawala sa loob ng ilang araw.
- Sa karamihan ng mga bakuna sa COVID-19, kakailanganin mo ng 2 dosis upang gumana ang mga ito. Kunin ang pangalawang turok kahit na mayroon kang mga epekto pagkatapos ng una, maliban kung sasabihin sa iyo ng isang tagapagbigay ng pagbabakuna o ang iyong doktor na huwag kumuha ng pangalawang turok.
- Kailangan ng iyong katawan ng oras upang bumuo ng proteksyon pagkatapos ng anumang pagbabakuna. Ang mga bakunang COVID-19 na nangangailangan ng 2 dosis ay maaaring hindi ka maprotektahan hanggang sa isang linggo o dalawa pagkatapos ng iyong pangalawang turok.


Mahalaga para sa bawat isa na magpatuloy na gamitin ang lahat ng mga instrumento na makukuha upang makatulong na pigilan ang pandemikong ito habang tayo ay natututo ng higit pa tungkol sa kung paano gumagana ang mga COVID-19 na bakuna sa totoong-buhay na kundisyon.



Magsuot ng panakip mukha



Iwasan ang mga pagtitipon



Manatiling 6 na talampakan ang layo



Hugasan ang iyong mga kamay



Manatili sa bahay at magpasuri kung nakakaramdam ka na may sakit



City and County of San Francisco



[sf.gov/fil/CovidVaccine](https://sf.gov/fil/CovidVaccine)